

P.S.

Wag mo 'tong babasahin kung hindi ka lang din naman handang makinig sa opinyon ko. Pagdating sa opinyon, wala namang tama o mali. At bilang isang mamamayan na medyo nag – eexist din sa mundong ibabaw, karapatan ko rin naman na maglahad kung ano ang nakikita ko, napapansin ko, at kinamumuhian ko .. sa kasalukuyang estado ng Lupang Hinirang.

NATIONALISM.

Ayon sa isang prof. ko sa isang major namin, iyan ang isa sa pinaka - lumalalang problema nating mga Pinoy. Kung tatanungin niyo kung bakit, aba .. hindi ko alam. Hindi ko rin naman alam kung paano at saan nagsimula yang lumalalang problema na yan na patuloy na sinisira ang .. well, *bulok* na nating lipunan.

21st century na, tama ba 'ko?!

At sa napapansin ko, wala pa ring pinagbago. Nong una, akala ko .. maaagapan pa 'to kapag nagsimula na tayong maghalal at magpapalit - palit ng mga pinunong nakaupo sa pamahalaan. Pero, walanjo! Walastik lang talaga. Hindi nga nag - iba kahit isang pitik e. Gusto mong malaman ang katotohanan?! Mas nag - aamoy stateside tayo. Masakit sa pandinig, pero oo .. inaamin ko na karamihan satin, mas pipiliin pang mamatay sa piling ni Uncle Sam, kesa naman makipaglaban hanggang sa huli kasama ni Juan dela Cruz.

Hindi sa naghuhugas kamay ako o ano. Pero grabe lang kasi. Ang daming issue lang na naglipana, na kung papakinggan mo, sobrang nakakapang - lambot lang talaga ng tuhod. Una sa lahat, yung trending na pagkatalo ni Manny Pacquiao kay Timothy Bradley. Ikalawa, yung pagkatalo rin ni Jessica Sanchez sa American Idol. Grabe no? IYAN! Pagdating sa mga ganitong bagay, hanep! United ang mga Pinoy! Ugh, well .. nagbibigay - karangalan din naman sila sa bansa natin, kaya lang .. sa paano at anong aspeto?! SHOWBIZ?!

E hindi naman purong boxer lang si Pacman diba?! Marami siyang sideline. Congressman siya slash singer slash product endorser slash ambassador slash movie/tv personality slash mayaman slash maraming pera slash tumataginting sa iilang belt na napanalunan niya dala ng nakapagpatumba na siya ng humigit kumulang .. ugh, ilan nga bang boxers. So, samakatuwid .. meron tayong tinaguriang People's Champ na all in one! Kumbaga sa sikat na tagline dati, "Hindi lang pampamilya, pang - sports pa!"

So balik tayo doon sa isang talata na inilahad ko.

Sabi ko, hindi ako naghuhugas - kamay. Totoo naman 'yon, dahil once in a blue moon, pinangarap ko rin na makapagtrabaho sa abroad, makasinghot ng hangin sa mga first world countries, makagawa ng snowman, at makakain ng imported na chocolates. Pinangarap ko rin na magpaka - dalubhasa sa wikang Ingles, para naman pagdating ko doon, *chicken feed* lang ang pakikipag - diskusyon sa ibang lahi. Buwis buhay kasi kung sa bawat sandali ng hininga ko doon sa ibang bansa, magno - nosebleed ako e. At ang pinakamalala, pinangarap ko rin na makatanggap ng perang kulay green na may kahawig na letter S na may dalawang vertical na guhit sign tuwing sasapit ang kinsenas katapusan.

E kaso, totoo nga na nagbabago ang pananaw ng tao pag nakapag – aral na siya.

Ay mali. Babaguhin ko yung sinabi ko sa itaas. Ang ibig kong sabihin, totoo nga na nagbabago ang pananaw ng tao kapag may *natututunan* na siya.

Kaya naman heto, lahat ng sinabi ko diyan sa taas, itinatakwil ko na. Ipinapalamon ko na sa alikabok. Erase – erase na, oke?!

Ngayon, ilalatag ko na ang munting pahina ng kasaysayan para naman mas magkaintindihan tayo.

Kilala mo ba SILA?!

NATIONAL ARTISTS.

Anong nalalaman mo tungkol sa kanila?! By any chance, alam mo ba kung sinu – sino at ilan talaga sila?! Ugh, well .. Aaminin ko naman na kung iyang natatanging mga tao na yan lang din naman ang pag – uusapan, aba! Meron naman akong kilala sa kanila.

Pero, hindi ako magiging spoiler at magpapaka – ala – ekstrang hero para sumagot ukol doon sa iilang nalalaman ko. Ikaw ang bahalang sumagot ng kumikinang na ka – echusang yan.

So, eto ngayon ang mahiwagang tanong para sayo ...

KILALA MO BA SILA?!

Natural, maraming sasagot ng tumataginting na *hindi*.

Nakakalungkot no?!

Ikaw at ako, tayong lahat .. nakatira sa 7107, minsan nagiging 7108 dahil sa high and low tides, islands. Pulu – pulo, meaning, mga mumunting lupain na napaliligiran ng katubigan, archipelago. Iyan ang ilan sa mga katawagan sa Pilipinas. Geographically speaking, bilang kasapi ng lupon ng mga bansa na nasa Asia, medyo mainit talaga satin. Madalas na humid ang klima, kaya naman dalawa lang ang season natin. Yung Star for all Seasons at yung Wet and Dry season – ibig sabihin, tag – basa at tag – tuyo. Kaya wag kang umasa na pagdating ng December e uulan satin ng mapuputing snowflakes, na pwedeng pwede mong gawing halu – halo. Wag ka na ring umasa na pagdating ng

medyo bandang August at September e malalagas na lahat ng masasamang damo at dahon sa mga punu – puno at bukid. Sinasabi ko sayo, mamumuti lang ang mga mata mo kakaasa at kakahintay na maghimala at mangyari yang mga ka – echosang yan dahil *omalabs* na mangyari yang mga bagay na inaasam mo.

Paepal lang, nasa Pacific Ring of Fire nga pala tayo, yung delikadong lugar na sa sandaling magkalintik – lintik yung mga continental crust at maging sanhi ng tinamaan ng pagkagaling – galing na lindol, e wala! Patay! Damay – damay tayong makiki – jamming sa earthquake aftershocks kasama ng iba pang bansa sa Asia na member ng fraternity na 'yon. NGANGA. O diba, parteh parteh!

Ano pa bang hahanapin mo?! Wala na. Nandito na lahat sa Lupang Hinirang.

Because it's more fun in the Philippines.

So balik nga tayo sa tanong ko.

KILALA MO BA SILA?!

Kung ang isasagot mo lang sakin e sina JaMich, KathNiel, at ang buong sang – artistahan mapa - Kapuso, Kapamilya o Kapatid man, ay nako. Ngayon pa lang, umalis ka na sa pahinang binabasa mo. Unang – una sa lahat, isinulat ko 'to hindi dahil sa nagpapapansin ako sa sanlibutan, kundi inilalahad ko lang ang kalungkutan na nadarama ko dahil sa kasalukuyang estado ng mga tao sa Pinas.

Marami akong gustong sabihin, pero may isang paksa talaga na siyang pumukaw ng aking nilalangaw na isipan.

So, isa – isahin natin para naman magka – linawan na tayo. Daig ko pa ang palabok e. Ang dami ko nang naisahog at alam kong paliguy – ligoy na rin ako.

NATIONAL ARTISTS for LITERATURE slash FILIPINO WRITERS in ENGLISH and LOCAL LANGUAGE.

Hindi ako nagmamagaling ha, pero aaminin ko na mas concerned ako tungkol sa lumalalang suliranin ng mga manunulat dito sa Inang Bayan.

Bilang isang advocate at sabihin na nating adik na adik sa hitik na pundasyon ng panitikan ng Pinas, mas nag – aalala talaga ako doon sa paksa sa itaas. Kung bakit at kung paano ko nasabi ito, aba syempre .. may mga *dahilan* din naman ako. Kaya, makinig ka muna bago ka humusga. Oke?!

Kahapon, napag – aralan namin yung mga Kinds of Language sa asignaturang Literary Criticism. Ayon sa isang paksa doon, mayroong apat na klase ang NML. Una, ang radyo. Ikalawa, ang telebisyon. Ikatlo, ang printed text – o yung siyang mga bagay – bagay at anik – anik na binabasa natin. At panghuli, na all in one .. ang new media language – o mas kilala sa tinatawag na .. dyaran! Internet.

Syempre, wag na tayong magpaka – hipokrito't hipokrita. Ikaw at ako, nabubuhay ngayon sa panahon na sinasamba ang makapangyarihang Internet. Bisyo na yan e.

Eto na .. Uunti - untiin natin dahil mahina pa ang kalaban. Gutom pa.

Hindi ko na sasabihin lahat a, pero .. ilan sa mga babanggitin ko ang kilala mo?!

- A. Ophelia Alcantara Dimalanta
- B. Cirilo Bautista
- C. Efren Abueg
- D. Perla Bautista
- E. F. Sionil Jose

- F. Nick Joaquin
- G. Amador Daguio
- H. Gregorio Brillantes
- I. NVM Gonzales
- J. Francisco Arcellana
- K. Manuel Arguilla
- L. Carlos Bulosan
- M. Jessica Zafra
- N. Estrella Alfon
- O. Paz Latorena
- P. Paz Marquez – Benitez
- Q. Angela Manalang – Gloria
- R. Michael Coroza
- S. J. Neil Garcia
- T. Amadis – Ma. Guerrero
- U. Jose Garcia Villa
- V. Edilberto Tiempo
- W. Edith Tiempo
- X. Virgilio Almarino
- Y. Bienvenido Lumbera
- Z. Amado V. Hernandez

O yan ha. 26 letters ang katumbas ng 26 na manunulat na binanggit ko. Liban na lang kay Bob Ong na tiyak, lahat ng gawa niya e nabasa mo na, ilan sa mga akda ng mga nabanggit ang nabasa mo? O sa mas konkretong tanong, nakabasa ka na ba ng kahit isa sa mga akda ng mga nabanggit sa itaas? O ito pa .. sa mas realistikong konteksto, nagbabasa ka ba ng mga akda ng mga nabanggit?! O sige .. sa mas pina – ispesipiko at reyalistikong sitwasyon, alam mo ba ang kahit isa sa mga akda ng mga nabanggit?!

May isa pang nakarimarim na tanong e ..

Yun e kung ..

Kilala mo man lang ba yung ilan sa mga taong nabanggit?!

Kung lahat sila kilala mo, o kung naka – dalawampu ka man lang mula sa dalawampung – anim na binanggit ko, congratulations! Karapat – dapat kang palakpakan! Dahil tulad ko, tiyak .. kilala mo rin sila at nakabasa ka na ng ilan sa mga akda o isinulat nila.

HINDI LAHAT NG NAKASAAD SA ROLL CALL SA ITAAS E SUMAKABILANG – BUHAY NA.

Kaya nga naka – random yan, dahil gusto kong malaman kung alam mo man lang ba kung sino sa kanila ang alive, alert and enthusiastic, at kung sino naman ang nakikiparty na kasama ng mga anghel sa itaas.

Ngayon, masasagot mo ba ang tanong na ‘yan ng taos at totoo sa puso?!

Nakakalungkot isipin na tayong mga Pinoy, kilala natin sina Mitch Albom, J.K. Rowling, Nicholas Sparks, Dan Brown at kung sinu – sino pang Pontio Pilato .. na kung tutuosin, wala namang naipamahaging maganda sa mga manunulat ng Pinas. Ako, aaminin ko na hindi talaga ako palabasa ng mga libro .. lalo na yang mga nagkakapalan na hindi ko naman naiitindihan, at nakasulat sa pinakamalalalim na salita sa Ingles. Pero .. nagbabasa naman ako ng mga akda nong mga taong nabanggit ko sa itaas. At hindi lang naman dalawampung – anim ang manunulat dito, marami sila .. napakarami nila – kasingdami ng milya - milyang mga undiscovered gems nila na hindi natin nababasa o sa mas direktang pananalita – *hindi natin binabasa*.

Wala na rin akong maisip na mga awtor na binabasa at kabasa – basa ng mga tau – tao ngayon. Dahil hindi naman ako palabili ng mga libro lalo na yung sinasabing best – seller ng kung sinu – sino. Kung Precious Hearts Romance pocketbooks naman, lalo na kung Bud Brothers series, sige .. bibilhin ko ‘yan. Mano ba namang makatulong ako sa ekonomiya ng Pinas, at abuloy na rin pati sa mga nagtatrabaho sa korporasyon na ‘yon. Baduy na kung baduy, pero walang basagan ng trip.

At ang nakalulungkot pa, napakarami na rin ang nagsisibulang mga manunulat na .. okey, ang sama ko .. hindi man lang alam kung ano ba talaga ang “kahalagahan” at “kahulugan” ng TUNAY na panitikan at literatura. Ang daming nagsulputang mga sikat na sikat na awtor ngayon, hindi lang naman wanggap ang tinutukoy ko, kundi sa iilan pang forum at mga site na tinatambayan nating mga Pinoy, lalong – lalo na ng mga kabataan.

Kung titingnan mo naman ang tema, halos iisa lang din ang pinaghuhugutan na siyang dahilan din ng walang – katapusang bangayan ng sanlibutan ngayon – ang ginintuang pagibig.

Err ate, you live in the world where TECHNOLOGY slash INTERNET is POWER. 21ST century na teh, wag ka nang mamuhay sa nakalipas!

OKEY. Nandoon na 'ko. Nagbabasa tayo hindi para ma – fulfil ang mga pang – akademikong pangangailangan, kundi para mag – enjoy, tumawa, kiligin at maging inspirado na siya namang magtutulak para maging bagong – sibol na manunulat ka rin na maghahakot ng mambabasa ng mga gawa – gawa mo na kasehodang mag – plug ka na sa message boards ng mga awtor dito na kung minsan e nakakabastos na at kung minsan naman e magiging dahilan pa para magkaroon ka ng kapamilya na siya namang magpo – promote ng istorya mo na ... ay naku. Anak ng teteng. Kada makaka – engkwentro ako ng mga ganitong bagay, kulang na lang mag – 360 na yung leeg ko kakailang.

Pero ang sinasabi ko ..

Bago ka magbasa ng mga kwentong puchu – puchu, basahin mo muna yung mga *classics*. Hindi lang naman si Shakespeare ang klasikong manunulat mga kababayan. Napakarami nila – higit pa sa bilang ng mga tanyag na Pilipinong manunulat. Tingin ko, kailangan mo munang makilala kahit lima sa mga “**local colorist**” ng bansa – para naman maka – relate ka sa kung ano talaga ang nais kong ipahiwatig. Kadalasang tema ng mga isinusulat nila – hmmm .. *nasyonalismo*. Na sabi ko nga sa unang – unang parte pa lang ng walang kakwenta – kwentang isinusulat ko, e .. isa sa lumalalang problema ng ating minamahal na lipunan.

Kung tutuusin, abot – kamay naman na natin ang mga klasikong awtor e.

Liban sa wamppad at kung anu – ano pang forums, nakabisita ka na ba sa panitikan.com.ph?! Kung oo, congratulations! Karapat – dapat ka na namang palakpakan, dahil minsan sa tanang buhay mo e nagawa mong bisitahin ang site na iyon.

Pero sa ano at paanong pagkakataon ka nakadalaw sa website na 'yon?!

Sige, kung ang isasagot mo e dahil sa may assignment kami sa ganito o ganyan, ayos na 'yon. Katanggap – tanggap na iyang rason mo. Pero bago mo sana halukayin ang kahulugan o interpretasyon noong literary piece na assignment mo, dalawin mo man lang yung profile nong awtor na nagsulat. Hindi lang naman para sa ikababango ng pangalan mo 'yon sa guro mo sa sandaling naglahad ka na nang nalalaman mo tungkol sa kanya sa recitation e; kundi para na rin sayo mismo .. para sa ikayayaman ng nalalaman mo ukol sa heritage at legacy ng mayaman *sanang* pundasyon ng panitikan at literatura ng Lupang Hinirang.

Tsaka nga pala, lagi na lang bang ganoon?!

Magbabasa tayo ng mga klasikong akda dahil lang sa kailangan?! Para lamang masabi na may natututunan tayo sa asignaturang Filipino o sa panitikan NATIN mismo?!

Hindi ba pwedeng magbasa tayo dahil sa gusto natin, at dahil sa iniibig este .. mahal natin ang sariling atin?!

Napaka – inam magbasa ng mga klasikong akda, sa totoo lang madlang pipol. Dahil sa ganitong paraan, malalaman mo kung ano talaga ang maganda sa pangit, at ang totoo sa peke. Magkakaroon ka ng patas na judgment, at hindi ka malalagay sa alanganin sa sandaling maramdaman mo na ang tawag ng pagsusulat – dahil naisapuso mo na rin ang bawat aral at bawat prinsipyo na naipamahagi sayo ng mga klasikong manunulat. Hindi na rin sasakit ang ulo mo dahil sa subject – verb agreement.

Mapa Filipino o English man, alam mo kung paanong umatake sa mga anik – anik na isusulat mo. Wala kang gagayahing istilo, wala kang itatago – at alam na alam mo kung ano ang dapat sabihin ng walang labis, walang kulang.

Hanga ako sa mga writer na alam kung ano talaga sila at kung paano sila magkakaroon ng legacy sa mga mambabasa nila. Hanga ako sa mga writer na hindi na kailangang mag – plug ng kung anik – anik na akda nila sa mga taong naliligaw sa mga binabasa nila. Hanga ako sa mga writer na .. naninindigan, kasehodang makatanggap siya ng ilang milyong boos, unlikes, at nakakaranas ng “remove me from fans” na sitwasyon. Hanga ako sa mga writer na hindi kailangang mamuri kahit na parang ewan lang naman kung tutuosin yung istorya ng isang baguhang awtor – dahil hindi siya nagpapaasa, nagbibigay ng false hope, at higit sa lahat, hindi namamahagi ng false judgment.

Partida. 2012 pa lang a. Paano na sa susunod pang mga taon? Ano na lang ang kahihinatnan ng pantikan at literatura ng Pinas?

Lahat ng bagay, dumadaan sa tinatawag na .. dyaran .. *perfect timing*. Ayon nga kay St. Francis of Assisi, “There’s a time for everything.” Kung talagang nasa guhit ng palad mo na maging sikat na online writer/book author, with less effort, mangyayari at mangyayari yun sayo. Hindi mo na kinakailangan pang gumawa ng mga pinagbabawal na ritwal.

Kaya sana, sa lahat ng mga ginigiliw kong manunulat, matuto na po tayo. Tanggalin na natin yung ganitong sistema. Nakakaumay na nga, nakakasuka pa. Ganoon din naman, isulat sana natin kung ano yung tama, at kung ano yung mga bagay – bagay na dapat sana e naipapamahagi natin nang matino sa mga mambabasa. Maging realistic tayo, ipamukha natin sa kanila yung unti – unting nagbabagong reyalidad ng buhay. Wag na tayong makiuso sa mga manga writers – oo, alam kong patok ang mga istorya nila dahil nga kakaiba .. pero kung patuloy tayong lilihis sa katotohanan, ano na lang ang mangyayari sa isipan ng mga mamamayan?! Magiging polluted na rin ba ng idealism at fantasy?! O Engkantadia! Anak naman ng Tilapia.

Malapit na ‘tong matapos. Wag kang mainip. Binasa mo ‘to, e di pangatawanan mo na. Namnamin mo na hanggang sa dulo nang pahina.

Bilang mambabasa naman, sana .. alamin natin kung ano talaga ang dapat at hindi dapat basahin. Oo, nandoon na ako e.. READING SHOULD BE A FUN AND ENJOYABLE LEARNING EXPERIENCE. Pero mga bok, anu – ano na ba ang natutunan natin dahil sa pagbabasa dito sa internet? Forfeiture of Values?! Pre – marital sex?! Violence?! Abandonment sa pamilya, kaibigan, minamahal?! Suicide?! Revenge?! O sige .. isasama ko na .. na siyang ikinatutuwa ng sanlibutan ngayon – ang makabasa ng happy ending dahil lang sa nagkatuluyan si X and Y at nagpakasal sa Z na simbahan. Tadah! Happy ending nga mga tsong!

Hindi ako nagmamalinis.

Dahil once in a blue moon, nagbasa rin ako ng mga kung anik – anik dito sa internet. Kinilig din ako ng bonggang – bongga, sa kadahilanang nagkatuluyan, nagkaanak sina Mario at Luigi, at nagkaroon ng Book 1, 2, 3 at may kasunod pang 4 ang maikling kwento nila. Nainspire ako dahil natalo ni Apple si Nokia. At .. natuwa ako at nagbago ang pananaw sa buhay dahil nagbago na rin sa wakas si Cherry Mobile at kinalimutan na ang paghihiganti kay My Phone.

Yun nga lang, natuto na 'ko.

Ngayon, nagbabasa ako nong talagang mga karapat – dapat basahin. Yung mga bagay na alam kong may matututunan talaga ako, hindi lang sa dahil alam kong kikiligin ako doon sa istorya, kundi dahil alam kong may mapupulot talaga ako. Plastik na kung plastik, pero sino ba naman kasing mambabasa ang aamin na hindi siya kinilig sa istorya lalo na kung sa bawat tsapter o pahina ata e Valentines Day ang atmosphere?! Paano naman yung mga moral values na dapat sana, nakukuha natin?!

Values are caught, not taught.

Sabagay, hindi naman naituturo 'yan ng basta – basta. Hindi yan parang computer o laptop na pwede kang mag – share at download ng files ukol sa paksang .. well tinatawag na .. aral, lesson, moral, o values. Mas maganda nga lang siguro kung mapupulot natin 'yan sa mga iniidolo at sinasamba nating awtor. Voila! Nakatulong ka na para makilala ang gawa nila, bonus pa na natuto ka sa pamamagitan ng isinusulat nila. Complete package. Parang LBC lang.

Sana naman, sa pamamagitan nito, maraming natamaan. Dahil nga, batu – bato sa langit, ang tamaan .. sapul!
Boom!

Hindi, biro lang. Kayo naman. Sana, nakuha niyo yung nais kong ipahiwatig .. at ipamahagi. Mga bebe, hindi masamang umamin minsan sa pagkakamali .. o sige, kahit tanggalin na yung salitang minsan, sana .. matuto tayong umamin sa pagkakamali natin. Ang dami ko pang gustong sabihin, kaso .. wala ng oras. At baka isang araw, magising na lang ako na banned na pala ako sa site ng wattpad dahil sa mga sinabi ko.

Mga tol, alam kong marami sa inyo ang magagalit at matatamaan dahil sa leshweng akda na 'to. Pero bago niyo laitin ang buong lahi ko, namnamin niyo muna sana 'to. Oke?! Give and take lang. Parang photosynthesis. This is my opinion, RESPECT it. Hindi ko sinabing ACCEPT ha? Dahil lahat naman tayo, iba – iba ang pamamaraan ng pagre – react sa mga bagay – bagay.

Pwedeng positibo, o negatibo.

At inaasahan ko nang karamihan sa mga reaksyong makukuha ko e .. *negatibo*.

Okey lang.

At least, nakahinga na 'ko ng maluwag. Nasabi ko na yung gusto kong sabihin .. ukol sa palala na ng palalang sitwasyon ng mga manunulat, panitikan at literatura sa Pinas. Nailahad ko na rin ang mga ginintuang opinyon ko ukol sa mga bagong sibol at tanyag na online writers, pati na rin sa dapat sana e attitude ng mga mambabasa doon sa mga binabasa nila.

Inuulit ko po mga giliw kong kababayan, ito ay aking opinyon lamang – hindi niyo kailangang tanggapin, ang hinihiling ko lang ay inyo sanang RESPETUHIN.

Ngayon naman, handa na 'kong makatanggap ng sandamakmak na panghuhusga mula sa madlang pipol. Wag niyo lang sanang idamay ang buong lahi ko ha ne?! Ako lang naman ang nagsulat nito .. kaya pakiusap, spare them. Hehe.

Ilan kaya ang magre – react dahil dito?! Ilan kaya silang magsasabi nang “ang galing mo namang mag – Green Cross alcohol ate?! “ Ilan kaya ang magpopost sa message board ko nang “I hate you blah blah blah?!” Well, kung sa bilang nila ang paguusapan, WALA AKONG PAKIALAM .. dahil MATHEMATICS yan! Bwahaha!

Magpapasalamat pa nga 'ko dahil pinag – aksayahan mo 'to ng oras .. binasa mo, at nagbigay ka ng iyong nagbabagang reaksyon.

Oks lang 'yon mga Tsong. Hindi ako magagalit sa mga reaksyon at panghuhusga niyo.

Hindi niyo naman ako kilala e.

Kaya, amanos lang tayo.

At dito na po nagtatapos ang walang kakwenta – kwentang binasa mo. Hanggang dito na lang muna, pero wag mong asahan na wala na 'tong kasunod. Omalabs 'yan. Lahat ng tao, este lahat ng tunay na tao .. iisa lang ang mithiin sa buhay .. at iyon ay ang maging “Seekers of Truth.” Kung kinakailangan nilang halukayin ang kailaliman ng mundo, gagawin nila .. para lamang sa ikabubuti at kapakanan ng inaamag na katotohanan.

Bow.